
4

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 7:
## #UnladEkonomiya
## #BangonImpraestruktura




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q3_Araling Panlipunan4_Module7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 7: #UnladEkonomiya #Bangon Impraestruktura**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Emma A. Jadie |
| **Editor:** | Jerry P. Ramirez; Ma. Leilani R. Lorico |
| **Tagasuri:** | Ana N. Calisura |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | Edsel D. Doctama; Florendo S. Galang |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad |
| | Francisco B. Bulalacao, Jr. |
| | Grace U. Rabelas |
| | Ma. Leilani R. Lorico |
| | Imelda R. Caunca |
| | Marites B. Tongco |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region V**
Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City, 4500 Philippines
Telefax: 0917-178-1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 7:

## #UnladEkonomiya

## #BangonImpraestruktura

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang nangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

(Gawin sa loob ng 2 minuto)

Sa mga nakaraang aralin ay natutunan mo ang mga programa at serbisyong pangkalusugan, pang-edukasyon at pangkapayapaan ng pamahalaan. Bukod sa mga nabanggit na mga programa at serbisyo, ano pang tinutugunan ng pamahalaan para sa ikauunlad ng bansa?

Sa modyul na ito ay matutunan mo ang mga programang pang-ekonomiya at pang-impraestruktura ng pamahalaan sa ating bansa.

**Pamantayang Pangnilalaman:**


Sa araling ito, inaasahang naipamamalas mo ang pangunawa sa bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa lipunan, mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pagkakaisa, kaayusan at kaunlaran ng bansa.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Pagkatapos ng araling ito ay nakapagpapakita ka ng aktibong pakikilahok at pakikiisa sa mga proyekto at gawain ng pamahalaan at mga pinuno nito tungo sa kabutihan ng lahat (common good).

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang mga programa ng pamahalaan tungkol sa pang-ekonomiya at pang-impraestruktura.



## *Subukin*

Simulan mo ang modyul na ito sa isang pagsubok. Matatasa nito ang iyong kaalaman sa mga programang pang-ekonomiya ng ating bansa. Basahin at intindihing mabuti ang mga tanong, sitwasyon o kalagayan sa bawat bilang.

(Gawin sa loob ng 3 minuto)

**PANUTO**: Basahin at intindihing mabuti ang mga tanong sa bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa sitwasyong pangkabuhayan kung saan nalalaman ang antas ng isang bansa kung ito ay maunlad, papaunlad o mahirap?

   A. Ekonomiya　　C. Impraestruktura
   B. Politika　　D. Agrikultura

2. Si Pangulong Rodrigo Duterte ay binibigyang prayoridad ang pagpapabuti at pagpapaunlad sa ekonomiyang panloob. Ano pa ang kanyang ginagawa upang magkaroon ng karagdagang seguridad pang-ekonomiya ang Pilipinas?

   A. Nakikipag-ugnayan sa ibang bansa
   B. Nakikipag-usap lamang sa ibang bansa
   C. Nakikipagmabutihan sa mga karatig-bansa sa Asya
   D. Nakikipagtulungan sa mga bansang kaanib lamang sa ASEAN

3. Anong mga hakbang ang isinasagawa ng ating pamahalaan upang magkaroon ng karagdagang seguridad pang-ekonomiya ang Pilipinas?

   I. pagsasagawa ng mga programa upang makaakit ng mamumuhunan
   II. malinang ang panluwas na pamilihan
   III. mapaunlad ang turismo,
   IV. mapadali ang pagtanggap ng tulong mula sa ibang bansa

   A. I at II　　B. I, II at III
   C. I, III at IV　　D. I, II, III at IV

4. Upang maging tiyak at maayos ang ekonomiya, masusing isinaad sa Saligang Batas ang tatlong layunin sa pagtataguyod ng pambansang ekonomiya. Ang mga ito ay ang sumusunod MALIBAN sa isa:
   A. Makatarungang pamamahagi ng kita, pagkakataon, at kayamanan
   B. Patuloy na paglaki ng produksiyon ng kalakal at paglilingkod para sa taong bayan
   C. Lumalawak na kasaganaan na susi sa pagtaas ng antas ng pamumuhay ng tao lalo na ang mga kapus-palad.
   D. Patuloy na pakikipagsapalaran magkapagtayo ng mga industriya

5. Alin ang HINDI patakarang pang-ekonomiya ng pamahalaan na nagsisilbing gabay sa pagtataguyod ng mga programang pangkaunlaran ng bansa?
   A. Pangangalaga sa mga manggagawa
   B. Pangangalaga sa mga kalakal at industriyang lokal
   C. Pagpapaunlad ng agrikultura, kagubatan, yamang tubig, at yamang mineral
   D. Pagsasaayos ng mga tulay at kalsada

6. Upang mapabilis ang kaunlaran ng ekonomiya at makalikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan naglalaan ng pondo ang pamahalaan para sa *national roads,* tulay; mga paliparan, daungan, at mga parola; mga silid-aralan at iba pa. Saan mabibilang ang mga nasabing proyekto ng pamahalaan?
   A. Pang-impraestruktura
   B. Pampolitika
   C. Pang-edukasyon
   D. Pangkalikasan

7. Hirap ang mga tao sa lugar na malapit sa ilog tuwing umuulan upang mamalengke lalo na kung maulan. Gustong magpatayo ng tulay ng inyong kapitan. Anong ahensiya ng pamahalaan ang makatutulong sa proyektong ito?
   A. Kagawaran ng Edukasyon
   B. Kagawaran ng Katarungan
   C. Kagawaran ng Kalusugan
   D. Kagawaran ng mga Pagawainat Lansangang Bayan

8. Sa Metro Manila at sa iba pang bahagi ng Pilipinas ay nagpapatayo ng mga *flyover*. Anong programang pang-impraestruktura ang nagpapatupad nito at sa anong layunin?

   A. Kagawaran ng Edukasyon
   B. Kagawaran ng Katarungan
   C. Kagawaran ng Kalusugan
   D. Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan

9. Ngayong panahon ng COVID-19 pandemic ay napakahalaga ang pangasiwaan ng National Telecommunication Commission (NTC) para sa paghahatid ng mga makabagong teknolohiya at makapagpabilis sa komunikasyon ng mga tao. Ano-ano ang kagamitang nakatutulong sa mabilis na pakikipag-ugnayan ng mga tao?


   A. telepono, jeepney, bus
   B. radio, tricycle, motorsiklo
   C. eroplano, helicopter, kotse
   D. Cellphone, computer, internet, radyo at telebisyon

10. Ano ang kaugnayan ng maayos na impraestruktura sa pag-unlad ng bansa?
   A. Nakapagbibigay ito ng solusyon sa mga problema ng bansa
   B. Nakatutulong sa pagpapaangat ng kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino
   C. Paraan ito upang maging malaya ang bansa na makipag-ugnayan
   D. Nagiging dahilan ito ng pagtaas ng kita ng pamahalaan

# Aralin 1 Mga Programang Pang-ekonomiya at Pang-impraestruktura ng Bansa



Kumusta ang iyong marka sa unang pagsubok? Ngayon ay magbalik-tanaw ka sa mga dati mo nang kaalaman sa kalagayang pangkabuhayan ng Pilipinas. Magbalik-tanaw ka din sa mga pisikal na kaunlaran at pagbabagong nakikita mo sa ating bansa. Gawin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa **Word Puzzle** sa ibaba.
(Gawin sa loob ng 3 minuto)



## *Balikan*

**A. PANUTO**:

Gawin ang WORD HUNT. Kopyahin sa iyong sagutang papel ang mga salitang may kinalaman sa pang-edukasyon at pangkapayapaan na makikita sa loob ng kahon. Lagyan ng tesk (√) ang mga salitang iyong sinulat kung nahanap mo ito sa WORD HUNT**.**

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | E | P | E | D | Z | K | A | L | S | A | S | A | E |
| A | B | O | Q | A | L | A | M | K | A | R | A | O | D |
| Y | N | W | N | A | H | U | L | U | G | A | K | U | U |
| C | Z | X | S | V | B | N | M | M | A | Y | A | Y | C |
| A | R | M | E | D | F | O | R | C | E | S | L | Q | A |
| R | A | L | G | K | A | L | Q | A | G | I | G | R | T |
| E | W | E | N | I | Y | S | R | A | N | L | N | S | I |
| C | W | E | A | T | W | V | C | X | L | U | A | W | O |
| E | U | L | A | Y | A | S | D | A | H | P | H | D | N |
| N | A | A | P | A | Y | A | P | A | K | G | A | A | F |
| T | X | R | A | Q | A | U | N | I | T | R | T | G | O |
| E | C | A | Y | W | G | Y | H | S | A | P | A | H | R |
| R | V | B | A | E | G | T | Y | N | D | M | D | J | A |
| P | I | Y | S | R | A | L | O | K | S | I | N | K | L |
| W | N | H | A | G | A | B | J | H | M | T | A | M | L |
| E | D | U | K | A | S | Y | O | N | S | Q | S | X | C |

1. Day Care Center
2. Education For All
3. Edukasyon
4. DepEd
5. Iskolarsyip
6. Pulisiya
7. Armed Forces
8. Sandatahang Lakas
9. Kaguluhan
10. Kapayapaan

## *Tuklasin*

Buuin mo ang mga salita sa loob ng palaso upang matukoy mo ang mga paksang iyong pag-aaralan sa modyul na ito. Isulat sa sagutang papel. (Gawin sa loob ng 2 minuto)

**E_ON _MI_A** → ______

sitwasyong pangkabuhayan ng isang bansa.

______ ← **I_PR_ES_RUK_UR_**

Ang mga halimbawa nito ay paaralan, ospital, tulay, daanan, simbahan, linya ng kuryente at internet



Anong mga salita ang iyong nabuo? Ano kaya ang ibig sabihin nito?

Alamin mo ang sagot sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng modyul na ito.

## *Suriin*

(Gawin sa loob ng 10 minuto)

Ang *ekonomiya* ay sitwasyong pangkabuhayan ng isang bansa. Sa pamamagitan nito, nalalaman kung ang isang bansa ay maunlad, papaunlad, o mahirap.

Pinahahalagahan ng pamahalaan ang pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. Maliban sa pagpapaunlad sa panloob na ekonomiya, nakikipag-ugnayan ito sa ibang bansa bilang karagdagang seguridad na pang-ekonomiya. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga programa upang makaakit ng mamumuhunan, malinang ang panluwas na pamilihan, mapaunlad ang turismo, makalikom ng mga impormasyon, at mapadali ang pagtanggap ng tulong mula sa ibang bansa.

Pansinin ang mga larawan. Ano-ano ang nakikita mong pangangailangan ng mga tao? Matutugunan kaya ang lahat ng kanilang pangangailangan kung aasa lamang sila sa kanilang sarili? Makakaya kaya ng bawat pamilya na magtayo ng sariling sistema ng patubig, palengke, sariling ospital, gamit pangkomunikasyon, o di kaya'y sariling munisipyo?

Kung titingin ka sa iyong paligid, napakarami nang pagbabagong pang-impraestruktura na nagaganap sa bansa. Sa likod ng mga pagbabago o modernisasyong ito ay ang mga bunga ng ibat-ibang paglilingkod ng pamahalaan. Subalit sa pagtugon sa bawat pangangailangan, higit itong nagiging mabisa kung may kalakip na sapat na pondo o pera na gagastusin ng pamahalaan sa mahusay at wastong paraan. Pag-aralan mo ang mga programa ng pamahalaan na tumutugon sa mga pangangailangang ito lalo na sa ekonomiya at impraestruktura



| *Patakarang Pang-ekonomiya* | *Layunin/Gawain* | |
|---|---|---|
| Pangangalaga sa mga Manggagawa | pagbubuo ng produkto na may kahusayan at kalidad upang mapantayan ang mga produktong mula sa ibang bansa | tangkilikin ang sariling mga produkto bilang inspirasyon at suporta sa mangangalakal na Pilipino |
| Pangangalaga sa mga Lokal na Industriya at Kalakal | pagkontrol sa paglalabas at pag-aangkat ng mga produkto | pangangalaga sa halaga ng mga produkto |
| Pagpapaunlad ng Agrikultura | masuportahan ang mga magsasaka gaya ng pagtuturo at pagsasanay sa kanila hinggil sa makabagong mga paraan sa pagsasaka. | mapalaki ang ani ng mga sakahan nang sa gayon ay lumaki rin ang kita ng mga magsasaka |
| Pagpapaunlad ng Kagubatan | reforestation o ang muling pagtatanim sa mga lugar na pinutulan ng mga puno | pagbabawal sa mga pagtotrosong panluwas |
| Pagpapaunlad ng Yamang Tubig | pagsasanay para sa wastong pangangalaga at pagpapalaki ng mga fingerling at pagpapautang ng puhunan para sa kaugnay na mga negosyo | puhunan para sa pagbubuo ng maliit na pangisdaan o anumang hanapbuhay na may kinalaman sa yamang tubig. |
| Pagpapaunlad ng Yamang Mineral | pagbigay permiso ang ilang korporasyong pag-aari ng dayuhan na mamuhunan sa paglinang ng mga mineral sa bansa | malawakang eksplorasyon sa mga yamang mineral at pagpapaunlad at paggamit ng ilang kapakinabangan sa bansa tulad ng langis |
| Paghikayat ng mga Pribadong Negosyo | pagtatayo ng mga korporasyon, kooperatiba, samahan, at mga negosyong pag-aari ng pribadong mamamayan | Ang pamumuhunan ng maliliit na negosyante ay binibigyang-puwang ng pamahalaan upang makatulong sa pag-angat ng ekonomiya |
| Pagpapaunlad ng Lingkurang-Bayan | Ang lingkurang-bayan ay mga pampublikong pasilidad na bukas sa sinumang mamamayan ng bansa na may kaalaman at kakayahang magpatakbo ng negosyo | Ang prangkisa ay permiso na ibinibigay sa isang tao o korporasyon na mamamahala o magsisimula ng isang lingkurang-bayan, maliit man ito o malaki |

Hindi kakayanin ng pamahalaan ang mga programang pang-ekonomiya kung wala ang tulong ng iba't ibang ahensiya o kagawaran. Ang mga sumusunod ay mga ahensya ng pamahalaan na nagpapatupad ng iba't ibang programa at serbisyong pang-ekonomiya:

- Kagawaran ng Kalakalan at Industriya
- nagsusulong sa pag-unlad at paglago ng maliliit na negosyo o micro, small, and medium enterprise (MSME) sa ating bansa
- programang Pangkabuhayan sa Pagbangon at Ginhawa upang mapabilis ang pagbangon ng mga nasalantang negosyo at kumunidad dahil sa kalamidad

- Kagawaran ng Paggawa at Empleo ng Pilipinas
- Nagpatupad ng JOB FAIRS at TUPAD (Tulong Pangkabuhayan sa Ating Disadvantaged?Displaced Workers)
- Pangalagaan ang kapakanan ng mga manggagawa
- Pangalagaan ang kaligtasan at kapakanan ng mga industriya

- Kagawaran ng Repormang Pansakahan
- Ipatupad ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP)
- pagpapaunlad sa repormang panglupain

- Kagawaran ng Agrikultura
- Nagpatupad ng programang Mataas na Ani, Mataas na Kita
- Palaguin ang magsasaka at mangingisda produksiyon mula sa agrikultura, mabigyan ng paraan upang magkaroon ng kita ang iba pang sektor ng lipunan sa pagpapalago ng agrikultura

- Kagawaran ng Agham at teknolohiya
- Nagpatupda ng programang Science for Change Program (S4CP)
- Paunlarin ang lokal na teknolohiya at iangkop ang teknolohiya mula sa labas ng bansa at gamitin ito hanggang sa antas na pang komersiyo at pakikipag-ugnayan ng pribado at pampublikong sektor

- Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng Pilipinas
- Nagpatupad ng programang Underspending at Savings
- Gumawa ng istratehiya na naaayon sa planong pang-ekonomiya ng gobyerno
- Gawin ang plano ng paggasta na nakasaad ang programa

Ang bawat ahensya na ito ay may mga programa at patakaran para mapaunlad ang ekonomiya ng ating bansa.

Upang mapabilis ang kaunlaran ng ekonomiya at makalikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan, nagbibigay ang pamahalaan ng kaukulang pondo para sa mga proyektong pang-impraestruktura. Ang impraestruktura ay ang mga pampublikong gusali (paaralan, ospital, simbahan, opisina at iba pa), mga tulay, daanan, at iba pang mga pasilidad na pinopondohan ng pamahalaan gamit ang mga buwis na binabayad ng mga mamamayan. Kinabibilangan ito ng *national roads* at mga tulay; mga paliparan, daungan, at mga parola; mga silid-aralan at iba pang pasilidad na pang-edukasyon; sistema ng malinis na tustos ng tubig, irigasyon, at *post-harvest facilities*; at mga estruktura para sa pagpigil sa baha (*flood control*) at proteksiyon ng mga burol.

**Mga Ahensiya ng Pamahalaan na Nagbibigay Serbisyong Pang-impraestruktura**

**Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan (DPWH)**

- Nagpapanatiling maayos ng mga daanan at tulay.

**Kagawaran ng Agrikultura (DA)**

- Pagpapatayo ng farm-to-market roads, post-harvest facilities, at mga pasilidad sa patubig

**Kagawaran ng Edukasyon (DepEd)**

- Nagpapatayo at nagkukumpuni ng mga silid-aralan, pati na ang mga pasilidad para sa tubig at sanitasyon sa mga pampublikong paaralan

**Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon (DoTC)**

- Nangangasiwa naman sa mga paliparan, daungan, at iba pang sistema ng transportasyon

**Pambansang Komisyon sa Telekomunikasyon (NTC)**

- Nangangasiwa at kumukonrol sa lahat ng serbisyong telekomunikasyon, telebisyon at radyo sa buong Pilipinas.

**Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal (DILG)**

- Nagpapatupad ng mga proyekto para sa malinis na *supply* ng tubig at iba pang pangangailangan sa lokalidad.

Sa mga proyektong pang-impraestruktura ng pamahalaan na ipinatupad at ipatutupad pa, inaasahan na pasisiglahin nito ang mga gawain sa maraming lungsod at lalawigan. Ang mga trabahong lilikhain ay makatutulong sa pagpapaangat ng kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino. Ang maraming trabaho ay nangangahulugan din ng mas maraming pagkain sa mesa, karagdagang kita para sa edukasyon ng mga kabataan, at mas maraming gawain upang sumigla ang mga komunidad.

Nangangahulugan lamang na ang bawat programa ng pamahalaan para sa ekonomiya at impraestruktura ay lahat may koneksyon sa mga programang pangkalusugan, pang-edukasyon at pati na rin sa pangkapayapaan.

Halimbawang larawan ng mga programa at proyekto ng Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan



Judgefloro, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:08857jfReconstruction_of_San_Miguel_National_High_School_San_Juan,_San_Miguel,_Bulacanfvf_28.jpg




Judgefloro,https://commons.wikimedia.org/wiki/File:09884jfPlaridel_Bypass_Arterial_Road_Bypass_Project,_Phase_II_San_Rafael,_Bulacanfvf_11.jpg



Grendelkhan,https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Caterpillar_backhoe_loader_at_construction_site_in_Sunnyvale,_back_view.jpg




Mangoman88, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Spencer_Fox_Eccles_Business_Building_-_Construction_(Phase_2)_-_25_August_2012.JPG



Judgefloro, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:9599Plaridel_Bypass_Arterial_Road_Bypass_Project_Landmarks_San_Rafael_Bulacan_30.jpg

## *Pagyamanin*

**A. Isulat sa tapat ng mga programa/serbisyong pang-ekonomiya ang mga gawain nito. Isulat sa sagutang papel. (Gawin sa loob ng 5 minuto)**

| | |
|---|---|
| Pagpapaunlad ng Yamang Tubig | |
| Pangangalaga sa mga Manggagawa | |
| Pagpapaunlad ng Agrikultura | |
| Paghikayat ng mga Pribadong Negosyo | |
| Pagpapaunlad ng Kagubatan | |

**B. Ibigay ang detalyeng hinihingi sa bawat kolum. Isulat sa sagutang papel ang sagot.**

| Proyektong/Programang Pang-impraestruktura | Tungkuling Ginagampanan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**C. Pagtambalin ang hanay A sa Hanay B. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel**

| A | B |
|---|---|
| _____1. Ito ay ang sitwasyong pangkabuhayan ng isang bansa. Sa pamamagitan nito, nalalaman kung ang isang bansa ay maunlad, papaunlad, o mahirap. | A. Lingkurang-Bayan |
| | B. Ekonomiya |
| _____2. Tumutukoy ito sa mga pampublikong pasilidad na bukas sa sinumang mamamayan ng bansa na may kaalaman at kakayahang magpatakbo ng negosyo. | C. Kagawaran |
| _____3. Binubuo ito ng mga gusali, ospital, paaralan, tulay, kalsada at iba pang pasilidad na ipinapatayo ng pamahalaan gamit ang buwis ng tao. | D. Serbisyo |
| | E. Impraestruktura |
| _____4. Ang mga katulong ng pamahalaan sa pagpapatupad ng mga programa at serbisyong pang-ekonomiya at pang-impraestruktura. | F. Patakaran |
| _____5. Ito ay ang pagsasagawa ng Kakayahan ng pamahalaan upang mapaunlad at mapabuti ang kalagayan ng kanyang mamamayang nasasakupan. | |

D. **Isulat sa sagutang papel ang *EKONOMIYA* kung ang nakasaad sa bilang ay programang pang-ekonomiya at *IMPRAESTRUKTURA* naman kung nabibilang sa mga programang pang-impraestruktura**. **Isulat sa sagutang papel.**

__________ 1. Pagpapatayo ng farm-to-market roads, post-harvest facilities, at mga pasilidad sa

__________ 2. Pangangalaga sa mga Manggagawa

__________ 3. Pagpapatayo at nagkumpuni ng mga silid-aralan, pati na ang mga pasilidad para sa tubig at sanitasyon sa mga pampublikong paaralan patubig

__________ 4. Pangangalaga sa mga Lokal na Industriya at Kalakal

__________ 5. Pagpapabuti ng mga daan at tulay sa mga kanayunan.



## *Isaisip*



A. Punan ang pangungusap upang mabuo ang konseptong pang-ekonomiya at pang-impraestruktura. Isulat mo sa iyong sagutang papel ang nabuong konsepto. Pakatandaan mo ito. (Gawin sa loob ng 3 minuto)

May mga ___1___ at serbisyong ipinatutupad ang ___2___ na tumutugon sa mga ___3___ ng mamamayan patungkol sa ___4___ at ___5___ na nagiging daan ng pambansang kaunlaran

B. Kopyahin ang tsart sa notbuk. Punan ang bawat kolum ayon sa hinihinging detalye. Tatlong detalye para sa pang-ekonomiya at tatlo naman para sa pang-impraestruktura. Sundin ang binigay na halimbawa.


**Pang-ekonomiya**

| Programa o Serbisyong Pang-ekonomiya ng Pamahalaan | Proyekto/ Programa | Layunin/ Paglilingkod |
|---|---|---|
| reforestation o muling pagtatanim | Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR) | mapaunlad ang kagubatan |
| | | |
| | | |
| | | |

**Pang-imprastruktura**

| Programa o Serbisyong Pang-impraestruktura ng Pamahalaan | Proyekto/ Programa | Paglilingkod |
|---|---|---|
| paliparan, daungan | Department of Transportation and Communication (DOTC) | mapabilis ang paglalakbay ng tao at paghahatid ng mga kalakal |
| | | |
| | | |
| | | |

## *Isagawa*




## *Tayahin*

**Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel**.

1. Ano ang tawag sa sitwasyong pangkabuhayan ng isang bansa kung ito ay maunlad, papaunlad, o mahirap?

   A. Ekonomiya C. Impraestruktura
   B. Politika D. Agrikultura

2. Ano ang ginagawa ni Pangulong Duterte upang mabigyang prayoridad ang pagpapabuti at pagpapaunlad sa ekonomiyang panloob?
   A. Nakikipag-ugnayan sa ibang bansa
   B. Nakikipag-usap lamang sa ibang bansa
   C. Nakikipagmabutihan sa mga karatig-bansa sa Asya
   D. Nakikipagtulungan sa mga bansang kaanib lamang sa ASEAN

3. Binibigyang-diin din ni Pangulong Duterte na magkaroon ng karagdagang seguridad pang-ekonomiya ang Pilipinas. Paano isinasagawa ng pamahalaan ang pagkakaroon ng nito?
   I. pagsasagawa ng mga programa upang makaakit ng mamumuhunan
   II. malinang ang panluwas na pamilihan
   III. mapaunlad ang turismo, makalikom ng mgaimpormasyon
   IV. mapadali ang pagtanggap ng tulong mula sa ibang bansa

   A. I at II B. I, II at III C. I, III at IV D. I, II, III at IV

4. Ang mga sumusunod ay tatlong layunin sa pagtataguyod ng pambansang ekonomiya MALIBAN sa isa. Alin ito?
   A. Makatarungang pamamahagi ng kita, pagkakataon, at kayamanan
   B. Patuloy na paglaki ng produksiyon ng kalakal at paglilingkod para sa taong bayan
   C. Lumalawak na kasaganaan na susi sa pagtaas ng antas ng pamumuhay ng tao lalo na ang mga kapus-palad.
   D. Patuloy na pakikipagsapalaran magkapagtayo ng mga industriya

5. Piliin sa mga sumusunod na pahayag ang HINDI patakarang pang-ekonomiya ng pamahalaan na nagsisilbing gabay sa pagtataguyod ng mga programang pangkaunlaran ng bansa?
   A. Pangangalaga sa mga manggagawa
   B. Pangangalaga sa mga kalakal at industriyang lokal
   C. Pagpapaunlad ng agrikultura, kagubatan, yamang tubig, at mineral
   D. Paghikayat ng mga pribadong negosyo lamang.

6. Ano ang tawag sa mga proyekto ng pamahalaan para sa *national roads,* tulay; mga paliparan, daungan, mga parola, mga silid-aralan at iba pa na nagpapabilis sa kaunlaran ng ekonomiya at lumilikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan?
   A. Pang-impraestruktura
   B. Pampolitika
   C. Pang-edukasyon
   D. Pangkalikasan

7. Nasira ang tulay sa inyong barangay dahil sa pagbaha. Anong ahensya ang maaaring tumulong para maipatayong muli ang nasirang tulay?
   A. Kagawaran ng Edukasyon
   B. Kagawaran ng Katarungan
   C. Kagawaran ng Kalusugan
   D. Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan

8. Anong serbisyo ang binigay ng Kagawaran ng Agrikultura sa mga mamamayang Pilipino.
   *A.* Pag-aayos ng tulay
   B. pasilidad sa patubig at irigasyon
   C. pagpapatayo ng mga gusali at bagong paaralan
   D. paglalagay ng mga fly overs sa Kamaynilaan at mga lungsod

9. Ang mga telepono, kompyuter, internet, radyo at telebisyon ay napakahalaga para makapaghatid ng mga impormasyon lalo na ngayong panahon ng COVID 19 Pandemic. Aling ahensya ng pamahalaan ang nagangasiwa sa serbisyong ito?
   A. Kagawaran ng Edukasyon
   B. Kagawaran ng Katarungan
   C. Kagawaran ng Kalusugan
   D. Pambansang Komisyon ng Telekomunikasyon


10. Piliin ang maaaring kaugnayan ng maayos na impraestruktura sa pag-unlad ng isang bansa.

A. Nakapagbibigay ito ng solusyon sa mga problema ng bansa
B. Nakatutulong sa pagpapaangat ng kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino
C. Paraan ito upang maging malaya ang bansa na makipag-ugnayan
D. Nagiging dahilan ito ng pagtaas ng populasyon at kita ng isang bansa

## *Karagdagang Gawain*

Ano ang masasabi mo sa programang pang-ekonomiya at pang-impraestruktura sa iyong pamayanan? Kapanayamin ang isa sa kasapi ng inyong pamilya, maari ang iyong ama, ina, ate o kuya sa pagsagot sa gawain.

Panuto: Kopyahin sa iyong notbuk ang tsart na nasa ibaba at isulat ang sagot sa bawat kolum.



## Susi sa Pagwawasto

**ISAISP: 1**

May mga programa at serbisyong ipinapatupad ang pamahalaan na tumutugon sa mga pangangailangan ng mamamayan patungkol sa ekonomiya at impraestruktura na nagiging daan ng pambansang kaunlaran

**ISAISP: 2 PANG-EKONOMIYA**

| Programang/Serbisyong Pang-ekonomiya ng Pamahalaan | Proyekto | Layunin/Paglilingkod |
|---|---|---|
| 1. Buy Local, Go Local<br>MSME<br>Pangkabuhayan sa Pagbangon at Ginhawa | Kagawaran ng kalakalan at Industriya (Department of Trade and Industry) DTI | Pagtangkilik ng sariling produkto<br><br>mapabilis ang pagbangon ng mga nasalantang negosyo at kumunidad dahil sa kalamidad |
| 2. TUPAD<br>JOB FAIRS | Kagawaran ng Paggawa at Empleo ng Pilipinas (Department of Labor and Employment) DOLE | Pangalagaan ang kaligtasan at kapakanan ng mga industriya at manggagawa |
| 3. CARP | Kagawaran ng Repormang Pansakahan (Department of Agrarian Reform) DAR | Pagpapaunlad sa repoprmang panglupain |
| 4. Mataas na Ani. Mataas na Kita | Kagawaran ng Agrikultura (Department of Agriculture) DA | Pagpapalago ng mga produksiyon sa pagsasaka at pangingisda |
| 5. Science for Change Program (S4CP) | Kagawaran ng Agham at eknolohiya (Department of Science and Technology) DOST | Pagpapaunlad ng local na teknolohiya at pag-angkop nito sa mula sa labas na teknolohiya |
| 6. Underspending at Savings | Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng Pilipinas (Department of Budget and Management) DBM | Gumawa ng plano ng paggasta ng mga pondo ng gobyerno |

Accept other possible answers

**SUBUKIN:**

1. A.
2. A
3. D
4. D
5. D
6. A
7. D
8. D
9. D
10. B

**BALIKAN:**

11. Day Care Center
12. Education For All
13. Edukasyon
14. DepEd
15. Iskolarsyip
16. Pulisiya
17. Armed Forces
18. Sandatahang Lakas
19. Kaguluhan
20. Kapayapaan

**TUKLASIN:**

1. EKONOMIYA
2. IMPRAESTRUKTURA

**ISAISP: 2 PANG-IMPRASTRUKTURA**

| Programa/Serbisyong Pang-impraestraktura ng Pamahalaan | Ahensyang Namamahala | Layunin/Paglilingkod |
|---|---|---|
| 1. paliparan, daungan | Kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon (Department of Transportation and Communications) DTC | mapabilis na paglalakbay at paghahatid ng mga kalakal at komunikasyon |
| 2. Pagawaing Bayan at Lansangan (Nautical Roads/Highways, tulay, at iba pa) | Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan (Department of Public Works and Highways) DPWH | mabilis na paglalakbay at paghahatid ng mga kalakal |
| 3. Makabagong Komunikasyon | Pambansang Komisyon sa Telekomunikasyon (National Telecommunications Commission) NTC | mabilis na ugnayang pangkomunikasyon ng mga tao at ng mga bansa |
| 4. Silid aralan, pasilidad sa paaralan | Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) DepEd | mas maraming bata ang nakapag-aaral dahil halos lahat ng barangay ay nagkakaroon na ng paaralan |

**PAGYAMANIN:**

**Gawain A**:

**Pagpapaunlad sa yamang tubig**
- pagsasanay para sa wastong pangangalaga at pagpapalaki ng mga fingerling at pagpapautang ng puhunan para sa kaugnay na mga negosyo

**Pangangalaga sa mga Manggagawa**
- pagbubuo ng produkto na may kahusayan at kalidad upang mapantayan ang mga poduktong mula sa ibang bansa
- tangkilikin ang sariling mga produkto bilang inspirasyon at suporta sa mangangalakal na Pilipino

**Pagpapaunlad ng Agrikultura**
- masuportahan ang mga magsasaka gaya ng pagtuturo at pagsasanay sa kanila hinggil sa makabagong mga paraan sa pagsasaka.
- mapalaki ang ani ng mga sakahan nang sa gayon ay lumaki rin ang kita ng mga magsasaka

**Paghikayat ng mga Pribadong Negosyo**
- pagtatayo ng mga korporasyon, kooperatiba, samahan, at mga negosyong pag-aari ng pribadong mamamayan
- Ang pamumuhunan ng maliliit na negosyante ay binibigyang-puwang ng pamahalaan upang makatulong sa pag-angat ng ekonomiya

**Pagpapaunlad ng Kagubatan**
- reforestation o ang muling pagtatanim sa mga lugar na pinutulan ng mga puno
- pagbabawal sa mga pagtotrosong panluwas

**Gawain B**:

| Proyektong Pang-impraestruktura | Tungkuling Ginagampanan |
|---|---|
| Department of Public Works and Highways | Responsable sa pagpapanatili at pagsasaayos ng mga daan at mga patubig sa buong Pilipinas |
| Department of Transportation and Communications | Responsable sa pagpaplano, pakikipag-ugnayan, paggawa ng mga polisiya para sa pagpapalaganap ng malawak na *network* sa sistema ng komunikasyon at transportasyon. |
| Department of the Interior and Local Government | Nagpapatupad ng mga proyekto para sa malinis na *supply* ng tubig at iba pang pangangailangan sa lokalidad. |
| Department of Education | Responsable sa pagkukumpuni ng mga silid-aralan at iba pang pasilidad sa paaralan. |
| National Telecommunications Commission | Nangangasiwa sa paggamit ng makabagong teknolohiya na nagpapabilis ng komunikasyon sa buong bansa tulad ng *cellular* at *mobile phone*, *internet* , at iba pa. |
| Department of Agriculture | Responsable sa pasilidad sa patubig, pagtatayo ng *farm to market roads* , at iba pa |

**PAGYAMANIN:**

**Gawain C:**

1. B
2. A
3. E
4. C
5. D

**Gawain D**:

1. IMPRAESTRUKTURA
2. EKONOMIYA
3. IMPRAESTRUKTURA
2. EKONOMIYA
5. IMPRAESTRUKTURA

**ISAGAWA**

Accept possible answers

**TAYAHIN:**

1. A
2. D
3. D
4. D
5. A
6. D
7. D
8. D
9. D
10.B

**KARAGADAGANG GAWAIN:**

Answers may vary

# *Sanggunian*


Adriano, Corazon V., Adriano, Marian A. Caampued, Charity A. Capunitan, Walter F. Galarosa, Noel P. Miranda, Emily R. Quintos Belen P. Dado, Ruth A. Gozun, Rodante S. Magsino, Maria Lucia L. Manalo, Jose B. Nabaza, Evelyn P. Naval, Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang, Unang Edisyon 2015 Kagamitan ng Mag-aaral, Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), pp. 290-303

Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng Filipinas, 2020 Pinagtibay na Badyet ng Bayan, Mayo 2020, www.dbm.gov.ph

Judgefloro, 08857jfReconstruction of San Miguel National High School San Juan, San Miguel, Bulacanfvf 28.jpg, 6 June 2017, 15:42:38, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:08857jfReconstruction_of_San_Miguel_National_High_School_San_Juan,_San_Miguel,_Bulacanfvf_28.jpg

Judgefloro, 09884jfPlaridel Bypass Arterial Road Bypass Project, Phase II San Rafael, Bulacanfvf 11.jpg, 20 December 2016, 12:53:30, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:09884jfPlaridel_Bypass_Arterial_Road_Bypass_Project,_Phase_II_San_Rafael,_Bulacanfvf_11.jpg

Grendelkhan, Caterpillar backhoe loader at construction site in Sunnyvale, back view.jpg, 7 June 2017, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Caterpillar_backhoe_loader_at_construction_site_in_Sunnyvale,_back_view.jpg

Mangoman88, Spencer Fox Eccles Business Building - Construction (Phase 2) - 25 August 2012.JPG, 25 August 2012, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Spencer_Fox_Eccles_Business_Building_-_Construction_(Phase_2)_-_25_August_2012.JPG

Judgefloro, 9599Plaridel Bypass Arterial Road Bypass Project Landmarks San Rafael Bulacan 30.jpg, 12 April 2018, 16:59:44, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:9599Plaridel_Bypass_Arterial_Road_Bypass_Project_Landmarks_San_Rafael_Bulacan_30.jpg

**Corporate Identity Committee (CIC),** DTI Logo 2019.png, **21 February 2019,** https://commons.wikimedia.org/wiki/File:DTI_Logo_2019.png

Department of Labor and Employment, Seal of the Department of Labor and Employment (Philippines), **16:08, 14 July 2018**

https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_Labor_and_Employment_(DOLE).svg

Department of Agriculture, Logo of the Department of Agriculture of the Philippines.jpg, 1 November 2012, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Logo_of_the_Department_of_Agriculture_of_the_Philippines.jpg,

Department of Agrarian Reform, Department of Agrarian Reform (DAR).svg, 12:17, 4 February 2017, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_Agrarian_Reform_(DAR).svg

Department of Science and Technology - Philippine Nuclear Research Institute, DOST-PNRI Logo.png, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:DOST-PNRI_Logo.png, 2 January 2020

Department of Budget and Management, Department of Budget and Management (DBM).svg, 24 February 2018, https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Department_of_Budget_and_Management_(DBM).svg

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph